

*Ang mabuti at masama ay kanyang sinusuri; sa taong suwail siya'y lubos na namumuhi. Pinauulanan niya ng apoy at asupre ang masasamang tao; at sa mainit na hangin sila'y kanyang pinapaso. (Awit 11:5-6)*

### **Panimula**

1. Ano ang mas gusto mo sa katangian ng Diyos? Ang kanyang pag-ibig o ang kanyang galit o poot? Bakit? Sa tingin mo, bakit ayaw nating napag-uusapan ang tungkol sa poot ng Diyos gayong itinuturo din ito ng Bibliya?

Ang Diyos natin ay Diyos ng pag-ibig. Ngunit siya rin ay Diyos ng poot o galit. **Ang poot ng Diyos (wrath of God) ay ang kanyang pagkamuhi sa anumang gawang masama o kasalanan.** Ayon sa Awit 11:5, “Sa taong suwail siya'y lubos na namumuhi.” Dahil ang Diyos ay matuwid at makatarungan (Lesson 14), nararapat lamang na kamuhian niya ang kasalanan. At dahil kinamumuhian niya ito, tiyak na may parusang igagawad sa sinumang makasalanan. Hindi natin lubos na mauunawaan ang kadakilaan ng Diyos kung hindi natin uunawain ang matinding galit ng Diyos sa kasalanan.

### **Pagsasaliksik**

2. *Dakila ang pag-ibig ng Diyos. Dakila din ang kanyang pagkapoot sa kasalanan.* Basahin ang Nahum 1:2-3, 6 at Pahayag 19:15. Ayon sa mga talatang ito, pangkaraniwan lang ba ang galit ng Diyos? Sa tingin mo, bakit minamaliit ng maraming tao ngayon ang tungkol sa galit ng Diyos?

3. Bakit hindi natin maaaring akusahan ang Diyos na mali ang kanyang pagkagalit sa mga makasalanan?

4. *Ang galit ng Diyos ay para sa mga lumalakad sa kasalanan.* Basahin ang Juan 3:36. Sinong mga tao ang hanggang ngayon ay kinamumuhian ng Diyos? Bakit sa tingin natin ay sa mga mamamatay-tao, magnanakaw, o mga rapists lamang galit ang Diyos?

5. *Napawi na ang galit ng Diyos sa mga taong nagsisi sa kasalanan at nagtiwala kay Cristo dahil sa kanyang pag-ako sa parusa ng kasalanan.* Basahin ang 1 Tesalonica 1:9-10. Ano ang dapat nating maging tugon sa ginawa ni Cristo?

6. *Ang galit ng Diyos ay ipinapakita niya sa uri ng parusang igagawad niya sa mga makasalanan ngayon at magiging ganap sa darating na paghuhukom.* Basahin ang Roma 1:18 at 2:4-5. Sa tingin mo, bakit hindi pa tuluyang pinaparusan ng Diyos ang mga makasalanan?

7. *Ang parusa ng Diyos ay parusang hindi nanaisin ng sinuman na maranasan.* Basahin ang Awit 11:6, Pahayag 6:15-17 at Nahum 1:6. Gaano katindi ang parusang igagawad ng Diyos? Isalarawan ito.

8. *Ang parusa ng Diyos sa impiyerno ay magpasawalang-hanggan.* Basahin ang Mateo 25:46, 2 Tesalonica 1:9 at Pahayag 20:10, 15. Sa tingin mo, bakit maraming tao ang naniniwala na pansamantala lang ang parusa ng Diyos? Makatarungan bang parusahan ng Diyos nang walang katapusan sa impiyerno ang mga makasalanan? Bakit?

### **Pagsasabuhay**

9. *Tumakas sa galit ng Diyos at magtiwala sa kanyang pag-ibig kay Cristo.* Kung ganito kabigat ang parusa ng Diyos, ano ang dapat maging tugon ng mga taong makasalanan?

10. Ano ang dapat nating gawin bilang mga Kristiyano upang paalalahanan ang mga kaibigan nating hindi pa nakakakilala kay Cristo? Anong karaniwang nagiging pagkakamali natin sa pagbabahagi ng ebanghelyo?

11. Sino ang isang kamag-anak o kaibigan ang kakausapin mo ngayong linggo upang paalalahanan tungkol sa poot ng Diyos sa kasalanan at babahagin ng pag-ibig ng Diyos na nakay Cristo? Sama-samang ipanalangin ito sa Diyos.